DEPARTMENT OF EDUCATION
DIVISION OF ZAMBO. DEL NORTE
RELEASED
BY:
DATE: 7/10/15

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod ng Dipolog

---

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 140, serye 2015

Para sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Mababang Paaralan

Mula kay: **NATIVIDAD P. BAYUBAY**, CESO VI
Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: PAGPAPALAGANAP NG MGA KOPYA NG MGA KUWENTO, ALAMAT PABULA AT PARABULA PARA SA BAITANG 3-6

Petsa: Hulyo 10, 2015

---

1. Ang Sangay ng Zamboanga del Norte ay nagsagawa ng **Pansangay na Workshap sa Pagbuo ng mga Tanong na may Mataas na Antas Gamit ang Piling Babasahin** sa nakalipas na Abril 7-8, 2015. Naging produkto ng pagtitipong yaon ang apat na modyul para magamit ng mga mag-aaral ng Baitang 3-6. Ang Kalipunan ng mga Maikling Kuwento (Baitang 3), Kalipunan ng mga Alamat (Baitang 4), Kalipunan ng mga Pabula(Baitang 5) at Kalipunan ng mga Parabula (Baitang 6) ay nabuo mula sa pagkakalap ng mga piling babasahin mula sa mga aklat at iba't ibang website. Sa tulong ng mga piling guro mula sa 35 distrito na bumuo ng mga tanong para sa bawat babasahin ay kompletong nagawan lahat ng mga tanong ayon sa inaasahang makamit ng naturang Pansangay na workshap.

2. Handa na ang mga kopya nito ( soft and hard copy) para ipamahagi sa bawat distrito. Pa Magdala lamang ng bagong USB flash drive para sa soft copy.

3. Ang proyektong ito ay naglalayong mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral na magbasa nang may pau-unawa at magagamit na pagsasanay sa paglinang ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral ang mga modyul. Dagdag pa nito ay mapahalagahan ng mga guro ang mga akdang pampanitikan at magkaroon ng kaukulang magagaling na babasahing instruksyunal at iba pang kagamitan.

4. Ang pagpaparami ng kopya ng modyul ay gagamitan ng pondo local ng paaralan.

5. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.